

Mga Mapagkukunan upang Humanap ng Abot-Kayang Pangangalagang Pangkalusugan o Kumuha ng Seguro sa Kalusugan

Humanap ng abot-kayang pangangalagang pangkalusugan

- **Tulay sa mga Benepisyo: Sanggunian sa Abot-Kayang Pangangalagang Pangkalusugan sa MN**
(www.bridgetobenefits.org/MN_Low_Cost_Health_Care_Directory)
Isulat ang iyong county upang humanap ng listahan ng abot-kayang mga klinika malapit sa iyo.
- **Samahan ng mga Sentro sa Kalusugan ng Komunidad sa Minnesota (MNACHC, Minnesota Association of Community Health Centers)**
(<https://mnachc.org/community-health-centers/find-a-health-center/>)
Gamitin ang mapa o isulat ang iyong lokasyon upang humanap ng Sentro sa Kalusugan sa Komunidad (Pederal na Kwalipikadong Sentro sa Kalusugan) na pinakamalapit sa iyo. Ang mga Sentro sa Kalusugan ng Komunidad ay nagbibigay ng mga serbisyo sa pangkalusugang medikal, dental at sa pag-uugali sa mga taong may limitadong akses sa pangangalaga.

Humanap ng seguro sa kalusugan

- **MNSure Mag-apply at Magpatala para sa seguro**
(www.mnsure.org/new-customers/apply/index.jsp)
Maaari kang mag-apply para sa seguro, tulad ng Medical Assistance at MinnesotaCare, online o kumuha ng eksperto sa pagpapatala upang tulungan ka. Karamihan sa mga taga-Minnesota na nagpapatala sa pamamagitan ng MNSure ay kwalipikado para sa pinansyal na tulong.
- **MNSure na mga Nabigador**
(<https://www.mnsure.org/help/find-assister/find-navigator.jsp>)
Makatutulong sa iyo ang mga nabigador sa pagpapatala sa Medical Assistance o MinnesotaCare (kung ikaw ay kwalipikado). Makatutulong din sila sa iyo na magpatala sa isang plano sa pribadong seguro at magbigay ng edukasyon sa pangunahing segurong pangkalusugan. Maraming nabigador ay batay sa mga organisasyon sa komunidad at nag-aalok ng tulong sa mga wika kabilang ang Intsik, Somali, Espanyol, Hmong, at Vietnamese.
- **Programang sa Ipinalagay na Pagiging Karapat-dapat sa Ospital**
(<https://mn.gov/dhs/partners-and-providers/policies-procedures/minnesota-health-care-programs/provider/hpe/>)
Maaaring pwede kang magpatala para sa Medical Assistance o MinnesotaCare kapag ikaw ay nasa ospital. Kung natugunan mo ang mga kinakailangan, magiging saklaw ka para sa mga serbisyo bago makumpleto ang buong aplikasyon.

Humanap ng karagdagang mga serbisyo sa kalusugan

- **Lokal na mga Kagawaran sa Kalusugan at mga Lupon sa Kalusugan ng Komunidad**
(<https://www.health.state.mn.us/communities/practice/connect/findlph.html>)
Makipag-ugnayan sa lokal na kagawaran at/o lupon sa kalusugan ng komunidad sa iyong county upang humingi ng patnubay at magtanong tungkol sa mga serbisyo na maaaring karapat-dapat ka.

Minnesota Department of Health
625 Robert St. N., PO Box 64975
St. Paul, MN 55164-0975
651-201-5414
www.health.state.mn.us

02/13/2020

Upang makakuha ng impormasyong ito sa ibang anyo, tumawag sa: 651-201-5414.